Public Health
Seattle & King County

KAUTUSAN NG LOKAL NA OPISYAL SA KALUSUGAN NG KING COUNTY: PAGPAPATUNAY SA BAKUNA

Ang King County ay nagpatuloy na may mataas na antas ng mga kaso ng COVID-19 at pagpa-ospital, at nadagdagan ang pagkamatay na hinihimok ng Delta variant. Ang mga kasong ito at pagkamatay ay maaaring maiwasan sa pagbabakuna. Dahil doon, ang Pampublikong Kalusugan - Opisyal sa Kalusugan ng Seattle at King County na si Dr. Jeff Duchin ay nagpalabas ng Kautusan ng Lokal na Opisyal ng Kalusugan na nangangailangan ng pag-verify ng ganap pagkakabakuna o ang isang negatibong pagsusuri ng COVID-19 sa mga tiyak na panloob at panlabas na kaganapan at establisyemento. Ang pagbabakuna ay ang ating pinakamahusay na kasangkapan laban sa COVID-19.

Kasama sa bagong patakaran ang mga sumusunod:

Simula Oktubre 25, 2021 ang mga kostumer ay kinakailangang magpakita ng katibayan ng FDA o aprubadong pagbabakuna ng COVID -19 ng WHO sa:

- **Mga kaganapang panlabas** na may 500 katao o higit pa (tulad ng mga palarong propesyonal at kolehiyo at mga libangan na mga kaganapan)
- **Mga panloob na kaganapan sa libangan o mga establisyemento** anuman ang laki (tulad ng mga palarong propesyonal at kolehiyo, palabas sa sining at mga live na lugar ng musika, sinehan, gym, at kumperensya/kombensiyon)
- **Mga restawran at bar.** Nalalapat ito sa panloob na kainan. Hindi ito nalalapat sa panlabas na kainan, mga take-out na kostumer, at mga lugar na hindi pangunahing ginagamit para sa panloob na kainan tulad ng mga groseri na tindahan. Ang kautusan ay nagbibigay ng opsyon para sa isang mas mahabang panahon ng paghahanda para sa mga mas maliit na mga restawran at bar na may kapasidad na magpaupo ng 12 o mas kaunti pa, na magsisimula sa petsa ng Disyembre 6.

Ano ang itinuturing na katibayan ng pagkakabakuna?

- CDC COVID-19 record kard ng bakuna o larawan ng kard ng bakuna
- Naka-print na sertipiko o QR code (magagamit sa katapusan ng Setyembre) mula sa MyIRMobile.com (Ang website ay sa Ingles lang)
- Iba pang opisyal na rekord ng imyunisasyon mula sa loob o labas ng U.S., kabilang ang mula sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Ang larawan o kopya ng kard na ito ay katanggap-tanggap din.

TANDAAN: Ang dokumentasyon ng mga pagbubukod ng medikal or relihiyon ay **hindi** tinatanggap. **Hindi** mo na kailangang magpakita ng ID ng may katibayan ng pagbabakuna.

Mga opsyon para sa mga hindi nabakunahan o sa mga hindi magkapagpatunay ng katayuan sa bakuna.

Ang mga taong hindi nabakunahan o hindi maaaring patunayan ang kanilang katayuan sa pagbabakuna ay dapat magpakita ng katibayan ng:

- Ang isang negatibong pagsusuri sa PCR COVID-19 na isinagawa sa loob ng nakaraang 72 oras, o ang isang resulta ng rapid test mula sa isang pagsuri na isinagawa ng isang nagbibigay ng pagsusuri sa isang lugar sa kaganapan bago pa lang pumasok.

Ang mga establisyemento ay magiging responsable sa pagsusuri sa katibayan sa pagbabakuna o sa mga negatibong katayuan sa pagsusuri. Ang Pampublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa mga kasosyo upang magbigay ng suportang panteknikal at mga materyal na pang-edukasyon sa mga negosyo at mga organisasyon na nagpapatupad ng kautusan.

Pabubuo ng Patakaran

Ang Pampublikong Kalusugan ng King County ay nilikha ang patakarang ito sa pagsangguni sa Public Health's Pandemic at Racism Community Advisory Group, mga lungsod, maliliit na negosyo, mga kamara ng komersyo, mga unyon ng mangagawa, mga samahan ng kalakalan, mga koponan ng palaro, mga lugar, mga grupo ng pamayanan, mga pinuno na batay sa pananampalataya sa buong county. Nilalayon nilang lumikha ng hangarin na maisasakatuparan, patas at makatarungan para sa mga negosyo at mga residente.

Para sa higit pang impormasyon: kingcounty.gov/verify (magagamit ang mga isinalin na magpagkukunan)